

“Ang layunin ng serbisyong-ESL/ELL ay upang matulungan ang mga mag-aaral na maging matatas sa Ingles, mabuo ang kasanayang pang-katalinuhan at bilang mamamayan, at matamo ang inaasahang kinalabasang-aral ng kurikulum-probinsiyal.”
BC Ministry of Education



“Helping Your Child Acquire English Language Skills, Part 1”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Pagtulong sa Inyong Anak na Matamo ang mga Kakayahan sa Wikang Ingles



Unang Bahagi

Ang pagpunta sa isang bagong bansa at pag-aaral na panibagong wika ay isang pagsubok. Nakatutulong sa mag-aaral ang binibigay na suporta, lakas ng loob at pag-unawa galing sa mga magulang, pamilya at sa mga guro.

Pagtuto ng Bagong Wika

Ang bawat bata ay natututo ng bagong wika ayon sa kaniyang kakayahan at bilis. Makatutulong sa inyong anak kung nauunawaan niyo na:

- ang pagtuto ng bagong wika ay mahirap at nakapapagod.
- ang pakikinig, pananalita, pagbabasa at pagsusulat ay hindi nakakamit sa pareparehong bilis. Ang kakayahan sa pakikinig o pagsasalita ay madalas nauunang matututunan bago ang kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat.

- ang wikang ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap ay mas madaling matutunan kesa sa wikang pang-akademiko.
- ang wikang pang-akademiko (textbook language) ay inaasahang matutunan ng mas matagal na panahon. Inaabot ito ng hanggang sampung taon.
- ang “silent period” ay karaniwan kapag nag-aaral ng bagong wika. Ang mga mag-aaral ay patuloy na tumatanggap at nagpoproseso ng wika sa kanilang paligid.
- ang mga mag-aaral ay mabilis matuto sa umpisa at pagkatapos ay bumabagal ang progreso. Ito ay normal na bahagi ng pag-aaral ng bagong wika.

Pinapakita ng Research na ang mag-aaral na madalas mag-ensayo ng Ingles ay mas mabilis matuto at maging mahusay sa paggamit ng Ingles sa pang-araw-araw na pakikipag-usap at wikang pang-akademiko.

Ano ang maari kong gawin?

Makatutulong ka sa pamamagitan ng:

- pagiging pasensiyoso.
- pag-unawa na ang pagtuto ng bagong wika ay matagal at kailangan ng pagsasanay.
- pagpakita sa inyong anak na mahalaga ang matuto ng Ingles.
- pagiging interesado at pakikipag-usap sa inyong anak tungkol sa kanilang natututunan sa paaralan at pagsali sa mga clubs at ibang mga gawain.
- Pakikipag-usap sa inyong anak tungkol sa kanilang damdamin sa paaralan.
- magbigay ng katiyakan sa inyong anak na ang matuto ng matatas na Ingles ay matagal at kailangang pagtiyagaan.

Ang malakas na kakayahan sa wikang nakasanayan ay nakatutulong sa pagtaguyod ng malakas na kakayahan sa Ingles.

Pagtulong sa Pagbabasa at Pagsusulat

Upang matulungan ang inyong anak sa pagbuo ng kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat sa Ingles, maari kang:

- magbasa para ipakita ang halaga nito.
- magbasa ng malakas sa isa't-isa.
- tulungan sa pagbabasa ng "fiction" at "non-fiction" na mga libro. Gamitin ang hindi Ingles na mga babasahin sa karamihan ng mga aklatan. Turuan ang inyong anak na magtanong sa katiwala ng aklatan (librarian) upang hanapin ang mga libro at mga wikang libro na angkop sa kanilang edad.
- alamin ang mga espesyal na programa ng aklatan katulad ng:
 - "book talks";
 - programang -pagbabasa sa tag-init;
 - drama clubs;
 - homework clubs;
 - programa ng pagtuturo (tutorial);
 - programang internet, at iba pa.

- himukin ang inyong anak na magnatili ng diary.
- pasulatin ang inyong anak ng mga kwento, tula, at iba pa sa Ingles at sa sariling wika.
- Pasulatin ang inyong anak sa mga kaibigan at kamag-anak.

Marami sa mga gawain na inilarawan sa brosyur na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa inyo at sa inyong anak. Ang pagpraktis ng sabay ay makatutulong sa inyong anak sa pagtamo ng mas maraming kaalaman sa Ingles upang gawing komportable ang paggamit ng bagong wika.

Pagtulong sa Inyong Anak na Matamo ang Kasanayan sa Wikang Ingles

VSB


"Helping Your Child Acquire English Language Skills, Part 2"

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.



Ikalawang Bahagi

Ang paglipat sa bagong bansa ay lumilikha ng mga hamon para sa mga bata at matatanda. Isa sa pinakamalaking hamon ay ang pakikipag-usap gamit ang bagong wika.

Ang iyong saloobin sa pagtuto ng bagong wika ay may malaking epekto sa saloobin ng inyong anak.

Maliban sa inyong saloobin at karunungan tungkol sa pag-aaral ng bagong wika, bilang magulang, kayo ay makatutulong sa maraming paraan sa inyong anak at sa inyong sarili.

Maari niyong gamitin ang sariling wika at ang Ingles sa paggawa ng mga gawain na inilalarawan sa buklet na ito.

*Tingnan din ang brosyur na may titulong, “**Ways You Can Support Your Child’s Learning at Home.**”*

Ang pagtulong sa inyong anak upang matamo ang kakayahan sa Ingles ay nakasalalay sa:

Gulang ng inyong anak:

- Ang mas nakatatanda na anak ay may ibang pangangailangan at tumutugon sa suporta ng mga magulang na maaring iba doon sa mas nakababatang anak.

Ang abilidad ng inyong anak sa Ingles:

- Yung mga nag-uumpisa lamang na matuto ng Ingles ay nangangailangan ng iba’t-ibang suporta kumpara doon sa meron nang konting kakayahan sa Ingles.

Kakayahan ng inyong anak sa pagbabasa at pagsusulat sa sariling wika.

- Mas madaling matuto ang inyong anak sa bagong wila kapag siya ay may kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat sa sariling wika.

Ang saloobin ng iyong anak sa wika at kulturang kinagisnan

- Kapag binibigyan ng halaga ang sariling wika, hindi naging nakatatakot ang pagtuto ng bagong wika.

Maari niyo ring suportahan ang inyong anak sa pamamagitan ng:

- pagpapahalaga sa pag-aaral.
- sariling pag-aaral ng Ingles.
- pagiging pasensiyoso.
- pagdalo sa mga kaganapan sa paaralan.
- pagdala ng inyong anak sa museo, mga lugar ng kasaysayan at kaganapang-kultural upang matuto ng tungkol sa bagong bansa.

Pagtulong sa Pananalita at Pakikinig

Para sa tiyak na pagtulong sa inyong anak ng pakikinig at pananalita ng Inges maaring:

- tulungan mo silang matuto ng mga pangalan ng mga karaniwang bagay na nasa bahay o sa paligid.
- maglakad at magensayo ng pagbabasa ng mga pangalan ng kalye, bilang ng bahay, pangalan ng tindahan at marami pang iba..
- magensayo ng paggamit ng pangkaraniwang pagbati sa Ingles.
- Kausapin sila tungkol sa kanilang natutunan.
- Magbigay ng libro na naka tape, CD’s ng mga libro mula sa aklatan upang sila ay makapakinig sa mga kwentong Ingles. Ang mga naitalang libro ay maaring “fiction” o “non-fiction” na may iba’t-ibang antas ng kahirapan.
- pasiglahin ang pakikibahagi sa gawaing ekstra-curricular sa paaralan.
- pasiglahin ang pakikibahag sa gawaing binibigay ng mga sentro sa komunidad, clubs para sa kabataan at iba pang organisasyong-sosyal.

Maraming mga “internet sites” na makatutulong sa pag-aaral ng Ingles. Ito ay nagbibigay ng sari-saring paraan sa pag-eensayo ng Ingles at pagbuo ng bokabularyo.

Ang guro ng inyong anak o ang katiwala ng aklatan ay makatutulong sa paghanap n pinakamahusay na sites.

